



## Foundation Skills Assessment

Ang *Foundation Skills Assessment (FSA)* ay taunang province-wide assessment ng *academic skills* ng mga mag-aaral sa *British Columbia*, at nagbibigay ng *snapshot* kung paanong umuunlad ang mga mag-aaral sa *BC* sa kanilang *foundation skills* sa pagbasa, pagsulat at *numeracy* (Matematika).

### Kailan isinasagawa ang FSA?

Ang *FSA* ay ay isinasagawa sa 6 na maikling sesyon sa mga buwan ng Enero at Pebrero. Naiiba ang mga petsa sa bawa't paaralan. Ang assessment ay ayon sa patakaran nang *Ministry of Education*. Nahahati ito sa 6 na test na tumatagal mula 30 hanggang 60 na minuto bawa't sesyon. Sa total, may 4 na oras at 30 minuto na *class time* ang nakokonsumo. Ang *FSA portions* ng *reading comprehension* at *numeracy* ay binubuo pareho nang *multiple choice* at *written response questions*. Ang pagsulat naman ay binubuo nang 2 impromptu na gawaing pagsulat: isang mahaba at isang maikling paragraph. Ang *multiple choice portions* ng *FSA* ay isinasagawa *online* gamit ang mga *computers* sa bawa't paaralan.

### Sino ang kasali?

Lahat ng mga mag-aaral na grade 4 at 7 na may kakayahan ay inaasahang sumulat ng *FSA*. Kung may pagaala-ala kayo tungkol sa abilidad ng inyong anak sa makabuluhang pagsali, kausapin ang punong-guro ng inyong paaralan.

### Paano inihahanda ang mga mag-aaral sa pagkuha ng FSA?

Sinusubok ng *FSA* ang kaalaman at *skills* na nadevelop sa isang mag-aaral sa mga lumipas na taon. Kaya nga't di na kailangan na ihanda ang mga mag-aaral sa partikular na aralin. Subali't mahalagang kausapin sila bago magsulit upang maipaliwanag ang *format* na maaaring bago sa kanila (lalo na sa mga nasa grade 4) at maaaring mas pormal sa nakasanayan na nila. Makakatulong ang mga magulang na palakasin ang loob ng kanilang anak kung ito ay nag-aalala sa pagkuha ng *FSA*.

### Paano ginagamit ang mga resulta ng FSA?

Ang *FSA* ay nagbibigay lamang nang *snapshot* ng ilang *specific skills*. Hindi ito ganap na pagsusulit sa mga inaasahang *learning outcomes* nang mga mag-aaral. Ang *assessed skills* ay bahagi ng *foundation* na kailangan ng mga mag-aaral upang paunlarin pa ang kanilang kaalaman sa pagbasa, pagsulat at *numeracy* at gayon din sa kanilang tagumpay sa

pag-aaral sa kinabukasan. Ang *FSA* ay isa sa mga panukat na maaaring gamitin upang sukatin ang progreso o pag-unlad nang mag-aaral kaugnay na rin sa tuluy-tuloy na *school-based assessments* at *professional judgments* nang kanilang mga guro.

Ang resulta nito ay ginagamit din sa *school* at *district level* upang masubaybayan ang pag-unlad sa pag-aaral at sa pagpapalano tungo sa *instructional improvements*. Ang indibidwal na resulta sa *FSA* ay hindi gagamitin sa pagpapasiya ng *report card marks* ng mag-aaral. Gayunman, ang mga paaralan ay tatanggap ng *overall summary report* at "*item analysis*" na nagpapakita kung paanong sumagot ang mga mag-aaral sa bawa't tanong. Ang impormasyong ito kasama pa ang ibang *data* ay isasalang-alang-alang sa pagbuo ng *annual school-wide plan for instructional improvement*.

Hindi maaring gamitin ang resulta ng *FSA* para i-rank ang mga eskwelahan. Dapat ikonsidera ang iba't ibang mga *demographic, social and cultural factors* kung ikukumpara ang resulta ng mga paaralan. Walang katumpakan (*validity*) ang paggamit ng resulta ng *FSA* sa *rankings* ng mga paaralan.

### Kailan malalaman ang mga resulta?

Pagkatapos ng assessment, mamarkahan ang *FSA* sa *District level*. Ang minarkahang *student work book* at ang *one-page report* sa pangkalahatang resulta ng pagtasa ay ipapauwi sa mag-aaral sa katapusan ng Marso, 2017.

### Ano ang dapat kung gawin kung mayroon pa akong mga katanungan?

Para sa karagdagang kaalaman tungkol sa provincial Foundations Skills Assessment, mangyaring sumangguni sa Ministry of Education provincial web site (<http://www.bced.gov.bc.ca/assessment/fssa/info/welcome.htm>)

Kung mayroon naman kayong tanong ukol sa kung paanong ipapatupad ang *FSA* sa inyong paaralan, o kung paanong maaapektuhan ang inyong anak o kung paanong ihahayag at gagamitin ang resulta, kausapin ang inyong principal.